
A COLLECTION OF SHORT STORIES
TELL ME OVER COFFEE
STORIES BY VANESSA, YLANG SY, AND SINTA LAUREL

This collection was designed with short reads in mind—perfect for those moments when you're on queue for a bus, train, cab, at the doctor's office, or in line at a government agency.

To make the book feel cohesive, I edited and rewrote most of the stories so they share the same voice and flow. I chose a "confession style" for the overall tone—personal, direct, and consistent throughout.

I hope you enjoy these stories wherever life finds you with a little time to read!

Vanessa

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Tell Me Over Coffee,**
**a Collection of Short Stories**
Copyright © 2024 by Vanessa, Sy, Laurel
ISBN: 978-621-06-2203-4
*vanessa-writes.com*

Images and illustrations are copyrighted and used with permission from their respective owners.

Distributed by Whimsical Books Ph

A COLLECTION OF SHORT STORIES

# TELL ME OVER COFFEE

STORIES BY VANESSA,
YLANG SY, AND SINTA LAUREL

# *Sugar Mommy*

Kung laki ka sa hirap, malamang na gustong-gusto mong umasenso sa buhay. Iisipin ng iba na mukha kang pera, pero ang totoo, pangarap mo lang talagang makaahon sa buhay. Isa ako do’n sa mga taong parang nagsasawa nang gumawa ng legal para umunlad. Minsan natutukso na akong gumawa ng kalokohan dahil parang ang tagal ng asenso kung parehas kang lumaban. Bakit `yong mga politikong magnanakaw, sila pa `yong sinasamba

ng mga tao? Bakit ikaw na pumaparehas lang, palaging hindi magpang-abot ang sahod, madaming loans, hindi na makaipon?

Marketing associate ako noon sa isang malaking kompanya. Living paycheck to paycheck ang buhay ko. Problemado sa mga bayarin. `Tapos nandyan pa si Ma'am Vivian, ang marketing director naming istrikta. Bata pa rin siya, siguro mga thirty-seven-thirty-eight lang.

Nagbago ang lahat nang makita ko siya isang gabi sa opisina, umiiyak mag-isa. Dapat uuwi na ako noon, kaso may kailangang tapusin para sa presentation kinabukasan. Nakita ko siya sa atrium na ginawang yosihan ng mga empleyado, tulalang nakatingin sa

kawalan habang nagyoyosi. Nagpunta ako do'n kasi hinahanap ko si Von, `yong custodian. Pero si Ma'am ang nakita ko. Ni hindi ko alam na naninigarilyo siya. Hindi niya napansin na lumapit ako. Mukha siyang pagod, malungkot. Umalis na lang ako dahil baka kailangan niya ng moment.

Kinabukasan, napansin kong wala siyang sigla sa presentation. Nang biglang nawala images sa screen, mabilis akong kumilos para ayusin ang technical problem. Nagpasalamat siya sa akin.

Simula noon, napansin kong palagi siyang late umuuwi. Ako naman ang dakilang mahilig tumanggap ng OT. Kailangan, eh. Pinapaaral ko pa si Bunso.

Minsan, dinadalhan ko si Ma'am ng kape kahit hindi niya hinihingi. O kaya naman, bumibili ako ng pagkain kapag alam kong nagpalipas siya ng tanghalian dahil sa meetings. Gusto kong pagaanin `yong problema niya para mapansin ako, at baka sakaling ma-realize niyang top performer ako. Sabihin na lang nating nagpapalakas ako, nagpapapansin sa management. Hindi naman siguro ako ang unang gumawa nito.

Sa company party ko nalaman ang dahilan kung bakit parang biglang naging malulungkutin si Ma'am. Siya mismo ang nagsabi. Nakainom na siya noon kaya naging madaldal. Nag-file na raw kasi ng annulment ang asawa niya kahit akala niya maaayos pa nila. Sa

madaling sabi, may chicks si Mister, bata raw.

Sa totoo lang, naawa ako kay Ma'am dahil siya `yong tipong hinding-hindi magloloko—trustworthy ba. Maganda rin naman. "Chicks" nga rin—mestiza, matangkad, makinis, medyo chubby pero gano'n ang tipuhan ko, eh, `yong may makakapa ka. Palagi ding mabango. `Yon lang, mukha talagang matapang kung minsan dahil banat na banat ang buhok, may salamin, prangka, tipong hindi mo madadaan sa pambobola. Kung hindi maayos ang trabaho mo, asahan mong maririnig mo nang direkta.

Hinatid ko si Ma'am no'ng gabing `yon kasi lasing na, hindi na makakapagmaneho. Nagulat ako dahil

sa malaking subdivison nakatira, ang laki ng bahay. Parang mansiyon na. Nasabi ko tuloy pagkaparada ng sasakyan, “Ang yaman mo pala, ma’am!”

Natawa siya. Ang sabi, asawa niya daw ang mayaman, hindi siya.

`Tapos bigla siyang umiyak. Sumubsob siya sa mga kamay niya, iyak lang siya nang iyak. Awkward, hindi ko alam ang gagawin ko. Pinabayaan ko lang siya. At do’n nagsalita ang alak. Sabi niya ipinagpalit daw siya no’ng huli siyang nakunan. Hindi raw sila magkaanak-anak bago `yon kasi naghintay siya hanggang tumaas ang posisyon niya sa kompanya kahit noon pa siya pinagre-resign.

Sa loob-loob ko, bakit nga hindi na

lang siya nag-resign, eh, parang kaya siyang patayuan ng kompanya no'ng asawa niya. Siyempre hindi ko na sinabi pero siya ang kusang nagbigay ng impormasyon. Sabi niya, hindi raw siya gusto ng parents no'ng lalaki kasi hindi siya mayaman kaya gusto niyang patunayan na hindi siya gold digger, na may future siya sa corporate. `Ayun, siya ang sinisi ng asawa niya. Kung kelan handa na siyang mag-resign para tumutok sa pagbubuntis, saka siya nakunan. `Tapos nalaman niyang may batang chick `yong mister niya. Twenty-one years old daw, buntis na.

Awang-awa ako kay Ma'am. Hindi ko akalain na `yong tapang niya sa office, ganito pala ang tinatago sa likod ng lahat ng `yon. Kaya pala gano'n siya ka-

dedicated sa trabaho. Mas nakakahabag palang makita `yong taong sobrang tatag at kayang humarap sa mismong mga foreigner na boss na biglang parang basang sisiw sa paghagulhol.

Alanganin kong niyakap. Napapangiwi pa ako dahil awkward kasi si Ma'am `yon. Pero siguro kailangan niya talaga ng papayapa sa kanya kaya yumakap naman din siya at umiyak lalo. Mayamaya, sisinghot-singhot siyang lumayo, nagpasalamat, at nagbalik na naman `yong take-charge attitude niya. Ang sabi ibu-book niya ako ng Grab pauwi.

Gulu-gulo na `yong buhok niya no'n, nakalugay na. Ang bango ng buhok na `yon, naamoy ko no'ng kayakap ko. Gago rin ako, naisip ko pa talaga `yon

habang umiiyak siya. Hindi ko maiwasan. Nakasuksok na rin `yong salamin sa bulsa niya. Ang ganda ni Ma'am. Naisip ko na lang na ang bobo ng asawa niya.

Kinabukasan, niyaya niya akong kumain sa isang steak house. Sabi niya, para daw magpasalamat sa paghahatid ko sa kanya noong nakainom siya. Hindi ko alam noon na simula pala `yon ng isang kakaibang relasyon namin.

Una, tinanong niya lang ako kung may girlfriend daw ba ako. Sinagot ko naman nang totoo. Wala. One year na akong "bakante" kako. Natawa siya. Nagulat ko, natawa sa joke ko samantalang noon, kahit i-joke mo, pagtataasan ka lang ng kilay. Ang ganda ni Ma'am lalo kapag tumatawa,

lumalabas `yong dimples, tumatambok lalo ang mga pisnging namumula-mula.

Nagtanong siya ulit tungkol sa pamilya ko. Sinabi ko naman ang totoo. Na tatlo kaming magkakapatid at ako ang panganay. Na nakapag-aral lang ako dahil sa tiyahin kong OFW pero no'ng nagkapamilya `yon, hindi na kami natulungan kaya ako na ang nagpapaaral sa dalawa kong kapatid. May sakit na kasi si Nanay. Si Tatay naman, noon pa sumakabilang-bahay. `Yon kako ang dahilan kung bakit madalas akong OT at lahat ng nagpapa-relieve, tinatanggap ko. Kako bedspacer lang ako sa Maynila; pamilya ko, taga-Bulacan.

Nagulat ako sa sumunod niyang offer, prangka at direkta—na

malungkot daw siya at kailangan niya ako para makasama. Bibigyan daw niya ako ng allowance. Doon na daw ako tumira sa bahay niya. Magtatayo daw siya ng sariling firm at kukunin niya rin ako doon. Mas mataas ang sahod na bukod sa allowance ko.

Halos matulala ako sa kanya. Sabi ko mahirap sa aking sumugal sa bagong trabaho dahil limang taon na rin ako sa kompanya. Tanong ko rin, bakit ako?

Simple ang sagot ni Ma'am, "*Because you're dependable.*"

Sabi niya, bibigyan niya ako ng sign-on bonus. Ang laki ng offer niya. Pero alam ko rin kung ano ang kapalit no'n. Siyempre, alam mo na. Hindi natatapos sa nine-to-five ang trabaho, tatrabahuhin ko rin siya. Pero tulad ng

sinabi ko, hirap na ako sa buhay. Isa pa, kung si Ma'am naman ang tatrabahuhin ko, trabaho ba talaga `yon? Ang ganda na, ang bango pa. Parang siya pa ang lugi kasi mas madami namang mas guwapo diyan—'yong mga tisoy ba. Ako kasi, tipong moreno. Siguro ang kailangan sa akin ni Ma'am, eh, katawan ko. Batak sa trabaho kahit noong bata pa. Noong high school, nagkargador pa ako sa palengke. Matangkad din ako. Pero hindi ako ang tipong mga Alden o Dingdong. Malayo. Ako ang tipong kapag nakita mo, maiisip mo agad na hindi lumaki sa aircon. Pero siguro, ang kailangan ni Ma'am sa panahon na `yon eh isang lalaking kaya siyang yakapin, ipag-drive, `tapos puwede rin sa corporate.

Hindi naman sa pagyayabang, may ibubuga tayo sa trabaho at masipag. Sabi nga ni Ma'am—"dependable."

Sumatotal, tinanggap ko ang offer. Puwede kong mapa-repair ang bahay namin sa Bulacan, sabay makakapagpatayo ng tindahan si Nanay.

Noong gabing `yon unang may nangyari sa amin ni Ma'am. Siguro parang tryout. Nagpakitang-gilas tayo, siyempre. Pero grabe ang experience na `yon. Tumatak sa isip ko. Napakaganda talaga ni Ma'am. At napakasuwerte ko. Ako pa ang may allowance? Naka-jackpot din sa buhay, sa isip-isip ko.

Sabi niya sa akin no'ng gabing `yon, lahat daw ng mangyayari sa amin, trabaho lang, walang personalan.

Kapag daw nagsimula akong magselos o kung anoman, matatapos daw ang lahat. Wala daw kaming commitment, maliban do'n sa usapang bayad. Tumango lang ako. Naiintindihan ko. Kumbaga, ang papel ko, pampalubag-loob, laruan ni Ma'am. Kapag sawa na siya, tapos na ang laro namin. Pero hindi na ako lugi dahil may usapan naman kami ng bayad.

Nag-resign kami pareho sa trabaho. Tinulungan ko siyang maglipat sa isang mas maliit na townhouse. Malaki pa rin para sa ordinaryong tao pero maliit kompara do'n sa inalisan niyang mansiyon.

Hindi siya nagkukuwento sa akin tungkol sa assets niya pero hula ko, malaki ang nakuha niya sa asawa niya

dahil bukod sa bayad niya sa akin, madalas din siyang magregalo ng mga gamit—signature na damit, relo, sapatos. Tinatanggap ko lahat dahil `yon naman ang usapan namin. Ang motto ko sa buhay, ipon lang nang ipon hanggang kaya. Hanggang nandiyan pa ang pagkakataon.

Noong mga unang buwan namin, talagang determinado si Ma'am sa bagong negosyo. Halos hindi nga ako niyayaya sa alam mo na. Puro business, puro meeting sa kliyente. Nag-hire na rin kami ng ibang empleyado.

Sa totoo lang, mabait si Ma'am talaga. Nakikita ko `yon sa pakitungo niya sa mga tauhan na maliliit—sa maid sa bahay, sa mga janitor, sa guard, sa akin. Pero ang trabaho, trabaho. May

pader pa rin si Ma'am sa akin at para bang na-challenge akong tibagin `yon. Minsan natutukso akong yakapin o halikan, kaso baka ako masisante, namputsa. Umaatras talaga ang tapang ko kay Ma'am. Isa pa, wala sa usapan namin `yon. Siya dapat ang masusunod siyempre.

No'ng nakaluwag-luwag kami sa office, may mga gabing pinapapunta ako ni Ma'am sa kuwarto niya. Kapag gano'n ang eksena, tinuturing ko siyang parang girlfriend. Kinapa ko lang ang gusto niyang style ng interaction kapag nasa ganoong sitwasyon kami. Parang gusto niya, maramdaman ang pang-girlfriend na lambing. Natural akong malambing at lahat ng gusto kong gawin kay Ma'am kapag nasa labas kami

ng kuwarto, ginagawa ko sa mga pagkakataong `yon.

Habang umaandar ang panahon, lalo ko siyang nakikilala at unti-unti, hinahanap-hanap ko talaga siya. Sa umaga, sinusundo ko pa sa kuwarto niya kapag hindi kami nagtabi. Gusto kong siya ang una kong makikita. Sa isip-isip ko, patay tayo dito, tao niya lang ako pero na-in love na ako. Lagot ako nito kapag ayaw na sa akin, kapag naka-move on na. Dahil aanhin niya ba ako, `di ba? Kahit ilang lalaki kaya niyang makuha, bakit magtitiyaga sa akin? `Tapos kapag pinaalis na niya ako, sigurado pang hindi ko na makikita ulit dahil magkaiba kami ng mundo.

Ang hirap pa, minsan kong binigyan

ng bulaklak, ang sabi `wag ko na raw ulitin. Tiklop agad ako. Mukhang sisisantehin ako kapag tinuloy ko. Ganoon nga kasi ang habilin sa akin una pa lang—na walang personalan.

Tuwing uuwi ako ng Bulacan, kahit gusto kong makasama sina Nanay, nami-miss ko agad si Ma'am. Kahit isang Mahal na Araw, binigyan niya ako ng pangbakasyon kasama ang pamilya. Pero sinamahan ko na lang siya. Akala niya nagtitipid ako, pero ang totoo, magaling din sa business si Nanay at ang mga kapatid ko kaya napapaikot na nila ang pera at lumaki na `yong tindahan namin. Puro frozen foods na ang binibenta namin do'n sa Bulacan. Hindi na small items. Gusto ko lang talagang makasama si Ma'am pero hindi ko

puwedeng sabihin sa kanya kasi ayaw niya ng ganoon.

Ang hirap palang mahalin ng amo mo dahil kahit ayaw mong makita ka niya bilang empleyado, kahit `yon ka naman talaga. Hindi rin naman puwedeng hindi ka tumanggap ng sahod. Sa kaso ko, ang hirap magtago ng feelings dahil masisisante pa ako.

Kung minsan, gusto kong isipin na may feelings na rin siya sa akin dahil sa mga tingin niyang parang may kislap sa mata, ang pag-aalala niya sa family ko, sa akin. Palagi din niya akong kinokonsulta. Mahalaga sa kanya ang opinyon ko. `Tapos pinapatulog niya ako sa tabi niya kahit na ordinaryong araw na pagod kami at ayaw niya naman ng aksiyon. Yakap lang, halik, sapat na.

Pero ang hirap tantiyahin at ayokong magkamali.

Ang hirap magmahal ng babaeng mahirap abutin. Palagi kong naiisip na wala akong laban sa iba. Lalo na do'n sa mga kliyente namin. Ang iba sa mga `yon, mga konyitong parang hindi naalikabukan. Kahit ang ex ni Ma'am, pogi rin; sabihin pang maliit na lalaki, tipuhang Ryan Agoncillo. Putsa, anak pala `yon ng congressman.

Isang umaga ng Sabado, habang nag-aalmusal kami, may dumating. `Yong dating asawa ni Ma'am. Nag-usap sila sa home office. Hindi ako mapakali. Lalo na, ang tagal nila doon sa loob. Inabot ng tatlong oras. Nagpadala pa ng inumin.

Paglabas no'ng lalaki, hinatid ni

Ma'am sa gate. Ako, naghihintay lang sa kanya.

Hindi siya makatingin sa akin. Sabi niya, ayaw niya raw pag-usapan, `tapos nagkulong siya sa kuwarto. No'ng gabing `yon, nakita ko siya sa terrace, nag-iisip. Nilapitan ko. Do'n niya sinabi sa akin na nakikipagbalikan daw ang ex niya. Nabigla talaga ako. Sabi ko, akala ko ba nagkaanak sa iba. Sabi niya, nalaman daw ng ex-husband niya na hindi nito anak ang bata. Sa madaling sabi, naloko din ng kabit. Tanong ko kay Ma'am, ano kako ang sasabihin ng ex niya kapag nalaman ang tungkol sa akin.

Sabi niya, sinabi naman daw niya. Ang sabi daw, hindi siya masisi dahil nga iniwan siya, na naghanap lang siya

ng makakasama. Ng pang-aliw.

Hindi na ako nakakibo pero ang lupit din palang marinig. `Yon ang ganap ko sa buhay niya—entertainer. Pero bayad naman ako, `di ba? Kaya ano karapatan kong magalit? Pasalamat pa ako dapat dahil kung hindi sa pera niya, hirap pa rin akong itawid ang pamilya ko. Madami na rin akong ipon. Almost two years na rin naman ako sa kanya.

Napansin kong naguguluhan si Ma'am. Umiwas siya sa akin nang ilang araw, `tapos sabi niya magbabakasyon daw siya. One week siyang nawala. Pagbalik, kinausap ako. Tapos na raw ang setup namin pero hindi pa ako sisante sa trabaho sa opisina. Kailangan daw ako sa business. Strictly empleyado na lang daw ako ng firm.

Tinanong ko siya kung babalikan niya ang asawa niya. Sabi niya, hindi na alam. Pero para sa akin, parang gano'n na rin. Para akong mababaliw noon. Sobrang sakit. Pero kasalanan ko, kasi kahit malinaw sa akin na hindi magiging kami, umasa ako. Mahal na mahal ko na pala siya na kung sasabihin niyang isoli ko lahat ng binigay niya, gagawin ko.

Umalis na ako sa bahay niya, nag-rent ako ng kuwarto na mas malapit sa office. Hindi ako maluhong tao, sa totoo lang. Kahit nakaangat-angat na ako dahil kay Ma'am, alam kong hindi tatagal ang ipon ko kung magwawaldas ako sa rentang mahal. At sa totoo lang, sa puntong `yon, kung hindi lang ako nahihiya sa kanya, nag-resign na siguro

ako dahil ang hirap niyang makita araw-araw pero hindi ko naman malapitan.

Kahit dalawang taon kaming magkasama sa bahay, may pader pa din. Ang sakit. Nagagalit ako sa sarili ko dahil bakit ba hindi ako pinanganak na mayaman? Sana kahit paano magkakaroon ako ng lakas ng loob. Hindi `yong tiklop lang ako kasi lahat ng meron ako ngayon, galing lang naman sa kanya. Siya `yong reyna. Hindi ako `yong prinsipe. Sundalo lang ako. Hindi ako papatulan nang totoo.

Ilang ulit kong nakitang sinundo siya ng ex niya. Sa pagkakaalam ko, bumaba na ang annulment nila noon pa. Wala pang isang taon mula nang ma-file. So siguro parang ligawan stage ulit sila.

Naiinis ako sa isang banda. Bakit niya papatawarin `yong gagong `yon? Pero ano bang alam ko sa buhay ng mayayaman? Sinuwerte lang akong madamay doon. At alam ko, bilang na rin naman ang araw ko dahil kapag nagkabalikan na sila, siyempre hindi gugustuhin no'ng lalaking nandoon pa rin ako sa opisina. Ikaw ba naman, naging bata ng asawa mo, gusto mo pang makasama niya? Siyempre ididispatsa na agad.

Sasamantalahin ko na lang ang mga araw na kasama ko si Ma'am, `yon ang naging desisyon ko. At siguro, yaman din lang na paaalisin na ako, lalapitan ko na. Kaya one time na may tinatapos kaming pitch na kaming dalawa lang, nilapitan ko na nga. Sa puntong `yon,

iwas na iwas na siya sa akin. Pero tinabihan ko sa couch, imbes na magkatapat kami. Mukhang nasorpresa, hindi inasahan. Sabi, ano daw ang ginagawa ko.

Doon na lumabas lahat. Sabi ko, bakit ang bilis niyang nagpatawad. Na niloko na siya noon, bakit hindi uulitin? Nakuha nga kako siyang ipagpalit sa iba, tatanggapin niya ulit. Akala ko ba kako matalino siya, bakit bigla siyang parang hindi nag-iisip.

Nagalit siya sa akin. Bakit, sino daw ba ang gusto kong ipalit sa asawa niya.

Hindi ako nakaimik dahil kahit gusto kong i-volunteer ang sarili ko, tinablan ako ng hiya. Talaga bang ipipresinta ko ang sarili ko? Malamang sabihin lang na ang kapal ko. Ano ba

ako kung wala siya? Kung hindi niya ako kinuha at binigyan ng pera, nandoon pa rin ako sa dati kong trabaho—puro utang, walang ipon, namomroblema dahil wala pang akinse, ubos na ang panggastos.

Nasaling na `yong pride ko kaya ang sabi ko, magre-resign na ako. Tinanggap niya naman.

Dalawang linggo pa akong nagtagal sa opisina dahil tinapos ko lahat ng obligasyon ko bago ako umalis. Ayoko kasing may masabi siya sa akin. Kahit paano, gusto kong maganda ang record ko. Nag-iwan lang ako ng note sa kanya. Sabi ko lang doon, "*Binago mo ang buhay ko. Salamat.*" Ganoon lang. Simple. Ayokong magmukhang kawawa o walang utang-na-loob.

Umuwi akong Bulacan. Sinabi ko kina Nanay na nag-resign na ako. Sakto din dahil naka-graduate na rin ang sumunod sa akin kaya isa na lang ang paaral namin. Isang taon na lang, ga-graduate na rin. Sabi ko kay Nanay, pahinga muna ako. Sabi niya, dapat noon pa, kasi noon pa lumaki ang negosyo.

Gusto kong mag-abroad. Gusto kong lumayo. Hindi ko sinasabi kina Nanay pero unti-unti akong binabaliw ng lungkot. Miss na miss ko agad si Vivian. Hinahanap-hanap ko siya pero alam ko, babalikan niya `yong dating asawa niya.

Dinurog ako ng babaeng `yon. Mantakin mo, higit dalawang taon kaming nagsama sa iisang bahay, hindi

man lang tinubuan kahit konting pagtingin sa akin. Sa ganoon katagal na panahon, nanatiling ang mahal niya eh ang ex niyang manloloko. Hindi ko talaga matanggap. Masakit isipin. Pero wala, hanggang kama at opisina lang ako. Siyempre nga naman, utak niya ang dapat niyang gamitin. Doon na siya sa sigurado ang kabuhayan.

Napansin ni Nanay `yong kondisyon ko, malungkot daw ako palagi. `Tapos `yong kapatid kong sumunod sa akin, nag-aalala din siguro sa lagay ko kaya niyayaya akong lumabas—mag-jogging, minsan uminom. Pero ang hirap kalimutan ni Vivian. Kahit ilang bote ng Red Horse ang inumin ko, pagkalipas ng tama, siya na naman ang gusto kong makita, makasama, maamoy, mayakap,

makatabi. Pero ni hindi na ako naisip man lang ng bruha.

Bruha naman talaga `yon. Mangkukulam. Ginayuma ako at hindi ko na malimutan.

Isang araw, siguro mga one month na ako sa Bulacan, nakatanggap ako ng text sa kanya. Sabi, kung puwede daw ako sa mabilisang trabaho. Ni hindi na ako nagtanong kung anong trabaho. Umoo na agad ako sabay diretso sa barbero. Konting papogi, konting hilod, saka sumibat. Nanginginig pa. Sobrang excited akong makita siya ulit. Sana hindi mapansin na medyo pumayat ako.

Sa office niya ako pinapunta kaya naisip ko, malamang may mabilisang pitch na kailangang tapusin. Pero

nagulat ako noong nagyaya siya agad. Hinagis niya sa akin ang susi, na ibig-sabihin ako ang magda-drive.

Tahimik lang ako. Tahimik din lang siya.

Sabi niya sa bahay daw. Medyo kinabahan ako pero simple lang ako, hindi ko pinahalata. Nag-sounds kami. Pareho kami ng trip, old love songs. Pero bakit naman gano'n ang sinalang? Patama ba sa akin o `yon lang ang gusto kong isipin? "After the Love Has Gone," "I'll Be Over You," "Every Now and Then." Putsa, parang gusto ko tuloy maluha, eh. Kung alam lang nitong babaeng `tong baliw na baliw ako sa kanya, sa isip-isip ko.

Pero sige, maneho lang. Kako kung matutuloy ito sa kama, itotodo ko

talaga. Tingnan ko lang kung hindi ako hanap-hanapin nito. Ipapaalala ko kako dito sa babaeng ito kung paano ko niya ako tawag-tawagin. `Wag niya `kong tuksuin. Isang buwan ba namang hindi nagparamdam? Lagot sa `kin `to mamaya kako.

Noong nakarating kami sa bahay, may pagkain na. Kumain kami. Nakikiramdam ako kung ano ang ipapagawa. Parang pareho kaming hindi masyadong nakakain. `Tapos sabi niya, sumunod daw ako sa kuwarto.

Napalunok na lang ako. Pinauna ko siya, `tapos sumunod nga ako. Nasa banyo siya. Hindi naka-lock ang pinto kaya pinasok ko na doon.

Noong gabing `yon, walang ma'am-ma'am sa amin. Sabagay, kahit naman

noon, walang ma'am sa kama. Tinodo ko. Siguro nagsama-sama na ang lahat ng nararamdaman ko—galit sa sarili ko, galit sa kanya dahil tinanggap niya ang asawa niya kahit ako pa rin ang nakakapagpasigaw sa kanya, pero ayaw niya akong piliin dahil "trabaho" pa rin ang tawag niya dito. Trabaho pa rin itong halos hindi na siya makahinga sa pagtawag sa pangalan ko, habang tumitirik ang mga mata niya at nakatiklop ang mga daliri sa paa. "Mabilisan" pa ang sabi sa "trabaho" kaya ang ibig-sabihin, uuwi rin ako pagkatapos.

Noong katabi ko na siya sa kama, hindi ko naman napigilan ang sarili kong yakapin siya at halikan. Mahal ko talaga. Ewan, parang hindi ko

malilimutan. Mahirap.

Nakatulog siyang nakasiksik sa akin. Nalulungkot ako habang nakatingin sa kanya dahil hindi niya ako nakokonsidera na puwede niyang makasama. Hindi ako makapasok sa ganoong kategorya sa bokabularyo niya kasi empleyado lang ako, tauhan.

Kinabukasan, ginising ko siya ng isa pang round.

Sobrang lungkot ko noong nakapaligo na kami at nag-aalmusal na kasi alam kong uwian na. Ewan ko kung kelan ako ulit ipapatawag o kung ipapatawag pa ba ako. Binibiyak talaga nitong babaeng `to ang puso ko, kung alam niya lang.

Mayamaya, inabutan niya ako ng sobre. Alam kong pera ang laman noon.

Hindi ko na tinanggap. Sabi ko, bonus na lang. Nagtaka siya, sabi bakit daw. Siniksik niya sa kamay ko ang sobre. Napahiya ako kaya kinuha ko, sabay talikod kasi para akong naiiyak. Putsa, wala akong balak umiyak sa harap niya pero siguro, nainsulto lang talaga ako.

Tinawag niya ako pero hindi na ako lumingon. Nahihiya ako. Pero hinabol niya ako `tapos nakita niya na namamasa ang mga mata ko. Sabi ko, napuwing lang ako.

Nagulat ako kasi bigla siyang umiyak. Sabi niya, ipaliwanag ko raw kung bakit ako umiiyak.

Niyakap ko na lang siya, saka ko sinabi na miss na miss na miss ko na siya. Na mahal na mahal na mahal ko siya pero alam ko na ayaw niya sa akin.

Na binilin niya noon pa na hindi ako dapat umarte nang ganito. Na alam ko ang limitasyon namin at nasasaktan ako do'n dahil mahal ko siya at gagawin ko ang lahat para sa kanya pero hindi niya naman gusto `yon. Wala rin kako akong maalok sa kanya na wala pa siya kasi nasa kanya na ang lahat. Isa `yon sa dahilan kaya nagagalit ako sa sarili ko, kasi lahat ng meron ako, galing sa kanya. Alam ko rin na wala akong laban sa lahat ng lalaking nagkakagusto sa kanya—`yong mga bigatin, sa ex niya.

`Tapos hinalikan niya ako. Sabi niya mahal niya ako. Na na-realize niya lang noong wala na ako. Akala niya raw na mahal pa niya ang ex niya pero na-realize niyang hindi na. Na ako ang dahilan kaya nawala `yong

pagmamahal niya do'n. Na mali daw ako sa sinabi kong wala akong maaalok sa kanya dahil gold daw ako. Ewan ko kung bakit niya nasabi. Minsan sobrang talino kasi niya, parang ang lalim mag-isip. Kung gano'n ang tingin niya sa akin, ooo na lang ako kung magiging daan `yon para maging kami. Baka nga naman meron akong ibubuga na siya lang ang nakakakita at nakakaalam.

Sabi niya, hindi niya ako tinawagan kasi naisip niyang baka hindi ko siya gusto sa ganoong lebel dahil bata pa raw ako, twenty-nine pa lang. Samantalang siya, naikasal na at hirap pang magbuntis. Kung gusto ko raw magpamilya, baka hindi niya mabigay sa akin `yon. Magsisisi lang daw ako sa kanya. Sabi ko sa kanya, hindi naman

ako nangarap magkaanak. Kung magkakaroon, eh di meron. Kung wala, wala. Hindi ako tulad ng ibang lalaking parang misyon sa buhay mag-anak.

Medyo napapahaba na `tong kuwento ko kaya tatapusin ko na rin. Magmula noon, hindi na kami naghiwalay. Pinakilala ko siya kina Nanay. Pinakilala niya ako sa parents niya. Bago kami nagpakasal, kusa akong pumirma ng prenup para patunayan sa kanya na hindi pera ang habol ko. Mabilis kaming nagpakasal, sa huwes lang. Kasi nabuntis ko siya no'ng gabing nagkita kami ulit.

Ngayon, bukod sa firm, nagtayo kami ng iba pang mga negosyo. Dalawa na ang anak namin ni Kumander, na kapag kami lang dalawa, tinatawag ko pa ring

“ma’am” kasi siya ang boss sa buhay ko. Kilig na kilig din naman siya, biglang nangangalabit.

Sa lahat ng nangyari sa akin, sa aming dalawa, wala akong makapa sa puso ko kundi pasasalamat. Salamat na pinagtagpo kami ni Ma’am.